Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

file

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 16, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 062-T'2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'09/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T'09 NG BARANGAY JASAAN NA NAGPAPATIBAY SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) PARA SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN LABING WALONG LIBO WALONGDAAN LABING APAT NA PISO AT WALUMPU'T TATLONG SENTIMOS (P118,814.83).**

**SAPAGKA'T,** may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Jasaan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang 20% pondong pangkaunlaran para sa AIP ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Romulo A. Elca (Kasapi ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'09 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'09 ng Barangay Jasaan na nagpapatibay sa 20% pondong pangkaunlaran (20% development fund) para sa Annual Investment Plan (AIP) ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P118,814.83.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan